

Maligayang pagdating sa Lungsod ng Hamamatsu

Ang 'Welcome Pack' na ito ay naglalaman ng mga impormasyon na kailangan mo para sa pamumuhay sa Lungsod ng Hamamatsu. Nagagalak kami sa iyong pagdating/paglipat sa Lungsod at nawa'y maging kapaki-pakinabang ang pack na ito. sa iyo"

↓ Nilalaman

◆ Site ng Impormasyon sa Multi-Lingwal na pamumuhay sa Lungsod ng Hamamatsu Canal • Hamamatsu Canal • Hamamatsu	2
◆ Sentrong Multikultural ng Lungsod ng Hamamatsu / Hamamatsu City Multicultural Consultation One-Stop Center	3
◆ Sentro ng Suporta sa Pag aaral ng Dayuhan sa Lungsod ng Hamamatsu U-Toc	4
◆ Papasok natin ang mga bata sa paaralan	5
◆ Batas sa trapiko dito sa Japan	6
◆ Kung may lindol na nangyari	9
◆ Pang kalamidad Bosai hotmail	11
◆ Tulad ng mga samahan pang residente at mga aktibidad	12
◆ Pagsunod sa mga mabuting asal /kaugalian	13
◆ Para sa mga May-ari ng Aso at Pusa	15
◆ Paraan ng Pagtapon ng Basura	17
◆ Pagbabawas ng basura pakikiisa sa pagrisaykel	18
◆ Tungkol sa buwis sa paninirahan	20
◆ Tungkol sa buwis ng mga maliliit na sasakyan	22
◆ Tanggapan para sa suporta sa paghahanap ng trabaho para sa mga dayuhan ..	25
◆ Mapang nakatala ang mga pangalan ng mga pasilidad na malapit City Hall ..	26
◆ Pagtugon sa panahon ng emergency	27
◆ Mga contact number	28

🔍 Canal • Hamamatsu

Pakitingnan din ang website na 'Canal Hamamatsu', na naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa Lungsod ng Hamamatsu sa iba't ibang wika.

<https://www.city.hamamatsu.shizuoka.jp/hamatgl/>



Hamamatsu City International Affairs Division International Affairs Div., Hamamatsu City
TEL: 053-457-2359 FAX: 050-3730-1867 E-mail: kokusai@city.hamamatsu.shizuoka.jp

Taon ng muling paggawa: 2025

Site ng Impormasyon sa Multi-Lingwal na pamumuhay sa Lunsod ng Hamamatsu Canal・Hamamatsu

Maari mong makita sa internet ang mga Impormasyon sa Pamumuhay dito sa Hamamatsu City !

- Paano ang tamang pagtatapon ng basura ?
- Ano ang dapat gawin pag Lumindol ?
- Paano pag nanganak ka ?
- Gusto mag-aral ng Wikang Hapon atbp.



CANAL HAMAMATSU (paano hanapin)

<https://www.city.hamamatsu.shizuoka.jp/hamatgl/>



Sentrong Multikultural sa Lungsod ng Hamamatsu Coexistence Comprehensive Consultation One-Stop Center

Nagbibigay ng tulong para sa mga konsultasyon ng mga dayuhan at sa pagtutulungan upang mamuhay nang magkasama sa komunidad.

Hamamatsu-shi chuo ku hayauma cho 2-1 Create Hamamatsu 4F

TEL: 053-458-2170

Email : info@hi-hice.jp

Oras ng pagbubukas : 9:00 am hanggang 5:30 pm

Sarado : pagtatapos ng taon at Bagong Taon (12/29~1/3)

Pag sarado ang Create Hamamasu

<https://www.hi-hice.jp/hmc/>



Website



facebook

◆ **Konsulta • Pagkakaloob ng impormasyon**

- Meron din pong konsultasyon para sa pamumuhay sa iba't ibang linguwahe. Libre lang po ang konsultasyon sa wikang Japanese, Portuguese, English, Filipino, Chinese, Vietnamese, Spanish, Indonesian, Korean, Thai, Nepalese, Hindi, France, Russian)
- Meron din po kaming Visa consultation, Konsultasyon sa Abogado, Konsultasyong pang Administratibo (Fixed po ang araw)
- Naghahatid kami ng mahahalagang impormasyon sa iba't ibang wika. Nagbibigay din kami ng impormasyon sa mga kaganapan kung saan maaari kang makihalubilo sa iba't ibang tao.

◆ **Pag-iwas sa sakuna**

- Kung dumating ang malaking sakuna mag provide kami ng kinakailangang impormasyon sa ibat-ibang wika
- Para sa paghahanda sa darating na sakuna, nagsasagawa kami ng pagsasanay sa p ag-iwas sa sakuna

◆ **Pamumuhay sa Pamayanan**

- Sinusuportahan ang mga Lokal na aktibidad tulad ng mga asosasyon ng mga residente na may hangarin na lumikha ng isang lungsod kung saan ang lahat maaring manirahan nang komportable

◆ **Pag-papaunlad at mapagkukunan ng mamamayan**

- Nag bibigay din mga pagsasanay na pang eksperto ukol sap ag suporta sa mga dayuhan.
- Nagpapadala kami ng mga nagtuturo sa mga paaralan, pamayanan at nagsasagawa ng mga seminar upang mapalalim ang pang-unawa sa pang internasyonal

◆ **Pag-papaunlad ng isang bayan na may iba't-ibang dibersyon**

- Pagpapaunlad ng isang bayan na may iba't-ibang kultura, nagsasagawa ng negosyo upang ma revitalize ang rehiyon.

◆ **Pagtataguyod ng pang-unawa sa multicultural na pamumuhay kabilang sa mga aktibidad at suporta**

- Nagbibigay ng suporta sa mga pangkat at indibidwal na nakikibahagi sa mga aktibidad ng multi-cultural

Hamamatsu City Multicultural Center/Hamamatsu City Coexistence Comprehensive Consultation One-stop Center ay (Pang-publiko) Hamamatsu International Association (HICE) tumatanggap at nagpapatakbo ng negosyo mula sa Hamamatsu City.

Hamamatsu Foundation for International Communication and Exchange (HICE)

HICE (Hamamatsu Foundation for International Communications and Exchanges)

Telepono: 053-458-2170 URL: <https://www.hi-hice.jp>

Hamamatsu City Foreigners' Learning Support Center U-ToC

Ito ay isang lugar na tumutulong sa mga dayuhan sa pag-aral ng wikang Hapon.

Hamamatsu-shi chuo ku Yutocho Ubumi 9611-1
 TEL : 053-592-1117
 Email : info@hi-hice.jp
 Oras ng pagbubukas : 9:00~17:00ng hapon
 Sarado : Sabado,Lingo,pista opisyal
<https://www.hi-hice.jp/u-toc/>



Website

◆ Paaralan ng Nihongo

- U-ToC Japanese class ay para sa mga dayuhan naninirahan sa Lungsod ng Hamamatsu at nag ta-trabaho sa Hamamatsu, mapag-aaralan dito ang mga salitang hapon na magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay, at kapaki-pakinabang na mga salita
- May mga klase kung saan maaari kang mag-aral hanggang sa intermediate na antas sa loob ng isang taon, at mga klase para sa pagbabasa at pagsusulat.
- Mayroon ding klase kung saan maaring makipag-ugnayan o makipag- kwentuhan sa salitang hapon



◆ Suporta sa pag-aaral para sa susunod na henerasyon na konektado sa mga banyagang pamamayanan

- Nagbibigay ng suporta sa pag-aaral para sa mga batang may ugat dayuhan at kabataan na lumipas sa edad ng pag-aaral.
- Tumutulong na guamawa ng paraan upang maiwasan ang out-going school children at sumusuporta din sa career development ng mga kabataan.



◆ Lokal Paaralan sa Pag-aaral ng wikang hapon

- Nagbibigay suporta sa pag-aaral ng wikang hapon batay sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa rehiyon sa pakikipagtulungan sa rehiyon at mga banyagang pamamayanan.

◆ Kurso sa pagsasanay bilang Boluntaryo sa Japan

- Nag sagawa din ng volunteer course training na mayka-ugnayan sa Japanese language classes

Ang Hamamatsu City Foreigners' Learning Support Center ay itinatag ng Lungsod ng Hamamatsu at ipinagkatiwala ang trabaho sa Hamamatsu International Communication Exchange Association (HICE), isang pampublikong korporasyon.

HICE (Hamamatsu Foundation for International Communications and Exchanges)
 Tel:053-458-2170 URL: <https://www.hi-hice.jp>

Papasok natin ang mga bata sa paaralan

Papasukin sa eskuwelahan ang mga anak!

May Karapatan ang mga bata na mabigyan ng tamang edukasyon

Sa Japan, ang mga magulang ng mga bata na may edad na 6 hanggang 15 taon ay kinakailangang mag-papasok ng kanilang mga anak sa paaralan. Sa ng Lungsod Hamamatsu, mayroon mga pampublikong paaralang elementarya at sekondarya, mga pribadong paaralan, at mga paaralang para sa mga banyaga."Dito sa Japan, mula 6 na taon hanggang 15 anyos na anak ay may responsibilidad na mabigyan ng tamang edukasyon ng mga magulang.

※Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa bawat paaralan.



Hamamatsu Municipal Elementary, Junior High School

- Ang pag-aaral ay itinuturo sa wikang nihongo/Japanese
- Sinusuportahan ang bata hanggang masanay sa pag-aaral at may mga tutulong sa iyo nakakapag salita ng iyong wika.
- Kailangan mag-enroll sa board of education
-
- ◆ Para sa mga katanungan
Lupon ng Edukasyon dibisyon ng suporta sa Edukasyon
Lugar : Hamamatsu-shi chuo-ku Chuo 1-2-1 Estage Hamamatsu 7F
TEL : 053-457-2429



Pribadong Elementarya at Junior High School

- Ang pag-aaral ay itinuturo sa wikang nihongo/Japanese
- May bayad ang tuition fee
- ◆ Mangyaring makipag-ugnayan sa pribadong elementarya at junior highschool



Paaralan para sa mga dayuhan

- Karamihan sa mga mag-aaral ay mula sa South America
- Nag-aaral ng wikang Portuges, Espanyol,
- Itinakda ang ibat ibang paraan ng pagtuturo batay sa bawat paaralan, Ang pag-aaralan ay iba sa paaralan ng Japan.
- May bayad ang tuition fee
- ◆ Para sa mga katanungan
 - Mundo・De・Alegria TEL : 053-482-7666
Hamamatsu-shi Chuo-ku Yuto cho Ubomi 9611 - 1
 - Brazilian School EAS Hamamatsu TEL : 053-540-2037
Hamamatsu-shi Chuo-ku Handayama 2-24-3
 - Escola・Alcance TEL : 053-543-6280
Hamamatsu-shi Chuo-ku Tomitsuka cho 3002-3
 - Lapis de Col TEL: 080-4222-2057 611
Ishihara-cho, Chuo-ku, Hamamatsu City"

※Sa paaralan bukod sa matrikula mayroon pang ibang bayarin.

Batas/patakaran sa trapiko sa Japan

■ Sa pagmamaneho ng Sasakyan

◆ Lisensya sa Pagmamaneho

Sa loob ng bansa kailangan ng ankop na driver's license pra makapag maneho ng sasakyan Kung nagpalit ng pangalan, tirahan kailangan din palitan ang pangalan at tirahan na nakasulat sa lisensya, mangaring magsadya sa pinakamalapit na istasyon ng pulis upang baguhin ito.



- Ibang bansa (sariling bansa) kung walang Lisensya sa Pagmamaneho etc.
 - kailangan kumuha ng test examination (Aptitude • department • skills) at maipasa ang exam ang mga ito.
 - Karaniwan, upang matututong magmaneho tulad ng mga hapon mag-aral sa driving school.
- Ibang bansa (sariling bansa) kung meron kang driver's License at matugunan ang mga kundisyon ng aplikasyon
 - At maipasa ang pagsusulit katulad ng pagsukat ng grado ng mata, kaalaman sa mga regulasyon ukol sa pagmamaneho tulad ng paper test driver test, mapagkakalooban ka ng Lisensya sa pagmamaneho.
 - Para sa mga kundisyon sa pag-apply ng lisensya, reserbasyon sa aplikasyon atbp. sa mga detalye, mangyaring magtanong sa istasyon ng pulisya o Shizuoka Prefectural Police Headquarters (pahina 28).

◆ Insurance/Seguro

- Upang makapagmaneho ng sasakyan kailangan ang vehicle inspection (suriin kung naayon sa batas o tama ito.)
Kailangan mong kunin ito.
- Hindi maaring paandarin o sumakay ng sasakyang walang wastong Seguro o insurance.
「Jidosha songaibaishosekinin hoken (Jibaiseki hoken) 」ayon sa batas kinakailangan sumali sa segurong bilang obligasyon
- Subalit, Hindi sapat ang liability insurance para mabayaran at na ma-cover ang lahat ng pinsa kapag naaksidente kaya pinapayuhan naming na sumali din sa kahit anong insurance sa sasakyan.

◆ Pagparehistro ng sasakyan

- Kailangang magparehistro ng sasakyan upang ma-operate ito, sa pagpaparehistro tiyakin ang lugar na pagpaparahadahan ng sasakyan. upang bigyan ka ng sertipikasyon na nagpapatunay na nakarehistro ang iyong sasakyan

◆ Buwis sa Sasakyan

- Bilang karagdagan sa weight tax atbp. na tulad din sa pagbili ng bagong sasakyan sinisingil din at obligadong magbayad ng automobile tax. Ang pagsingil sa buwis taon taon tuwing Abril lay ipapadala sa gumagamit ng sasakyang sa naipatalang lugar. kailangang bayaran ito hanggang katapusan ng May (kung bagong sasakyan sa araw ng pagbili nito sisingilin ang buwis)

■ Batas sa Trapiko

◆ Batayan sa Batas ng Trapiko

- Ilaw ng trapiko (kulay ng ilaw ng trapikos) sumonod label na nakasulat sa kalsada (dilaw : huminto,pula : nakahinto asul : umandar Ok)
- Huwag lamang tumingin sa direksyong pupuntahan, kundi siguraduhing tingnan ang kanan at kaliwa, at tiyakin ang iyong kaligtasan.
- ang pedestrian ay sa kanang bahagi, ang sasakyan at bisikleta ay sa dumadaan sa kaliwang bahagi
- Sa kalsada ang kaligtasan ng mga pedestrian ay isang priyoridad.

◆ Pangunahing mga Patakaran sa Trapiko para sa mga Sasakyan, Motorsiklo, at Bisikleta

- Magmaneho hindi lamang para sa iyong sarili, kundi pati narin para sa kaligtasan ng mga pedestrian at ibang sasakyan
- Kung may karatulang (Tomare) , siguraduhing tumigil sa harap ng puting linya. Pagkatapos, magmaneho nang dahan-dahan at tignan mo ang kanan at kaliwa, at tiyakin ang iyong paligid.
- Sa madilin na lugar hindi maaring paandar ang sasakyan ng walang sindi ang ilaw
- Kapag uminom ng alak, huwag magmaneho.
- Sa crosswalk kung may gustong tumawid na pedestrian o bisikleta, kailangang huminto at unahing padaanin ito
- Pag sumakay sa sasakyan lahat ng upuan ay kailangang magsuot ng seatbelt
- Sa 6 na anyos pababa kailangang gumamit ng naankop na childseat kung isasakay sa sasakyan
- Kung nagmamaneho bawal mag telepono, o makipag-usap sa telepono at magkalikot ng navigation na maaring makaalis ng konsentrasyon sa pagmamaneho
- Kapag sumasakay sa motorsiklo, siguraduhing magsuot ng helmet. Ganun din kapag sumasakay sa bisikleta, magsuot din ng helmet.



◆ Kung na-aksidente

- kung ikaw ay naaksidente, upang maiwasan ang sunod sunod na aksidente ng trapiko o hindi makaabala sa ibang sasakyan ilipat sa ligtas na lugar ang sasakyan at patayin ang makina nito.
- Kung may sugatan, una bigyan ng pangunahing prayoridad ang pagliligtas at paggamot ng mga nasugatang tao at tumawag ng ambulansya (119 numero)
- kailangang tumawag sa pulisya (110 numero) sabihin kung saang lugar, ilan ang sugatang tao at kalagayan ng trapiko. Sundin ang utos ng pulis kung ano ang dapat gawin
- Kung hindi kayang tumawag ng pulis at ambulansya humingi ng tulong sa taong malapit sa paligid
※Gayunpaman, kapag lumayo sa lugar ng aksidente, o tinakbuhan ang aksidente kaya wag lumayo dito. humingi ng tulong sa kaibigan o kailangan ng interpreter. Pagdating nan ang pulis hilingin ito.



Pulisya [insidente • aksidente] ☎110

numero • ambulansya [nasugatan • maysakit] ☎119

◆ Regulasyon at panuntunan sa trapiko dito sa Japan (mga halimbawa)



■ Ilaw ng trapiko

Ang hindi pagsunod sa ilaw ng trapiko ay humahantong sa seryosong aksidente. Tiyaking sundin ang ilaw ng trapiko. (kahit hating gabi kailangang sundin ang ilaw ng trapiko)



■ Bawal pumasok

Hindi makakapasok ang mga sasakyan dahil ito ay isang one-way exit



■ Alarma sa tawiran ng riles

Kapag tumunog ang alam ng tawiran ng riles hindi maaring tumawaid. Intayin makaraan ang tren.



■ Huminto

Kailangang huminto sa unahang linya ng palatandanan ng hintuan. Suriin ang kaligtasan ng mga sangang daan

※ **Kahit na ito ay kahawig ng mga palatandaan sa iyong sariling bansa ang mga regulasyon ay maaring magkakaiba. Bago magmaneho ng sasakyan kailangang suriin ang mga ito.**

※ Ang mga paliwanag na ito ay isang maliit na bahagi lamang. Kapag nagmamaneho ng sasakyan, tiyaking matutunan at matandaan ang mga alituntunin sa trapiko dito sa Japan bago ka lumabas ng kalsada.

Kapag may Lindol

Kapag may malakas o matagal na pagyanig, protektahan ang sarili at agad na lumikas sa mataas na lugar para makaiwas sa tsunami.

■ Ano ang dapat gawin?

◆ Protektahan ang iyong sarili mula sa pagyanig ng lindol

- Pumasok sa ilalim ng mesa upang maprotektahan ang ulo at katawan mula sa mga nahuhulog na bagay.
- Huwag lumapit sa kasangkapan. Manatili sa ligtas na lugar at protektahan ang ulo at katawan.
- Wag piliting patayin ang apoy at iba pa kung hindi pa tumitigil ang pagyanig
- Gumawa ng daan para makalabas sa pamamagitan ng pagbubukas ng pinto o bintana.

◆ Pagtakas mula sa Tsunami

- Pagtumigil na ang pagyanig lumikas agad
 - Kung malakas o mahaba ang lindol (higit sa 1 minuto), lumikas kahit walang babala.
- Kung maari, lumikas sa pinaka mataas na lugar (Mga pasilidad para sa paglikas kapag may tsunami, pinaka mataas na lugar,)
- Lumikas ka kahit nasa labas na
 - Pag-isipan ituro sa buong pamilya ang mga lugar na maaring paglikasan tulad ng bahay, paaralan, pinag ta-trabahuhan atbp.
- Huwag bumalik sa bahay hangga't hindi natatapos ang tsunami warning.

■ Impormasyon sa emergency sa lindol

Maaaring makatanggap ng abiso bago magsimula ang pagyanig.

Ang abiso ay makikita sa TV, radyo, at cellphone.

■ Mag-ingat depende sa lokasyon at sitwasyon.

Sa Lunsod atbp.

- ◆ Mga department store at supermarket
 - Protektahan ang ulo gamit ang bag o basket
 - lumayo sa sales floor at lumapit sa dingding
 - Wag magmadaling lumabas, sundin ang tagubilin ng tauhan
- ◆ Elevator
 - Pindutin ang lahat ng pindutan ng palapag, at kung saan palapag man huminto bumaba agad
 - Kung sakaling kalilipas lang lindol wag itong gamitin

Kasalukuyang lumilipat

- ◆ Sa kalye
 - Lumayo sa mga bagay na madaling mitumba o mahulog tulad ng blockwall, poste ng kuryente, at vending machine
 - Mag-ingat sa mga nahuhulog na bagay tulad ng basag na salamin at signboard
 - Pumasok sa matibay sa gusali at iwasan ang mga nahuhulog na bagay
- ◆ Habang nagmamaneho ng sasakyan
 - Ipanig ang sasakyan sa kaliwa (kaliwang bahagi) at dahan-dahan itong ihinto. huwag lumabas hangga't hindi ito tumitigil sa pagyanig
 - Iwanan ang sasakyan na nakakabit ang susi at lumakod palayo sa sasakyan (dala ang sertipiko ng inspeksyon ng sasakyan)
- ◆ Kapag ikaw ay nasa tren o bus sa may riles ng tren, bus
 - Mahigpit na humawak sa mga hawakan o handrail.
 - Sumunod sa tagubilin ng mga tauhan.

Iba pa

- ◆ Paraan atbp.
 - Sundin ang tagubilin ng guro bago kumilos
 - Hangat hindi ibinababa ang warning ukol sa tsunami hindi maaring umiwi ng tahanan, hindi rin maaring sunduin ng magulang
- ◆ Sa bundok
 - Lumayo agad sa bangin at ilog upang maiwasan ang pagguho.
- ◆ Sunog
 - Kapag sumunod ang apoy, lumikas sa isang malaking lugar tulad ng parke o ground sa isang malawak na kalsada

Hot mail para sa pag-iwas sa kalamidad

Ang Hamamatsu City Disaster Prevention Hot Mail" ay isang serbisyong nagpapadala ng impormasyong kapag may sakuna (impormasyon sa lindol, bagyo, at paglikas) sa pamamagitan ng e-mail sa mga rehistradong gumagamit.

Libre ang pagpaparehistro (¥0). (Pakitingnan ang "Mga Tuntunin ng Paggamit" sa gabay sa pagpaparehistro.)

Mangyaring magparehistro.

Darating na impormasyon

- ◆ Impormasyong pang -emergency
 - Impormasyon sa mga lindol, bagyo, malakas na ulan, atbp.
 - Impormasyong nagpapaalam ng mga mapanganib na mga lugar atbp.
- ◆ Impormasyon sa pangkapaligiran
 - Impormasyon sa polusyon sa hangin (Impormasyon sa photochemical oxidant) atbp.

※Iba pang impormasyon (nihongo) lang na puwedeng idagdag

Paraan ng Pagpaparehistro

Mangyaring i-access ang homepage mula sa URL sa ibaba o ang dalawang-dimensional na code at magparehistro.

- URL <https://www.city.hamamatsu.shizuoka.jp/kiki/disaster/hotmail.html>
- QR Code



※Pag-iingat para sa pagamit

- Ang Disaster Prevention Hotmail ay isang serbisyo na tumatanggap lamang ng impormasyon mula sa lungsod. Hindi makasagot sa mga email

Para sa mga katanungan atbp.

Tungkol sa rehistrasyon : (Support Center)

komputer : <https://service.sugumail.com/hamamatsu/faq>

Smart phone: <https://service.sugumail.com/hamamatsu/faq/m>

TEL:0120-670-970 simpleng araw (9 : 00~18 : 00)

Tungkol sa disaster prevention hotmail : Dibisyon na namamahala sa panahon ng krisis ng Lungsod ng Hamamatsu

TEL: 053-457-2537 weekdays (8 : 30~17 : 15) FAX:053-457-2530

mail : bosai@city.hamamatsu.shizuoka.jp

Tungkol sa mga aktibidad ng Samahang pang Residente

Ang samahang pang mga residente/jichikai ay isang organisasyon ng mga taong naninirahan sa bawat komunidad. Nagtutulungan sila upang lumikha ng isang ligtas, maliwanag, at matitirahan na komunidad.

Lumikha tayo ng isang ligtas, siguro, maliwanag, kaaya-aya at magandang lungsod

- ◆ **Mga Prebensyong gawain at aktibidad sa pag-iwas sa kalamidad upang tulungan ang bawat isa**
 - Mga at aktibidad sa pag-iwas sa kalamidad upang magtulungan ang bawat isa.
 - Malaki bahagi ang ginagampanan ng mga samahang pang residente kapag may nangyaring sakuna.
 - Bilang paghahanda sa mga lindol at iba pang sakuna, nagsasagawa kami ng mga pagsasanay sa pag-iwas sa kalamidad. Bumibili ako ng mga kagamitan sa pag-iwas sa kalamidad.

- ◆ **Mga aktibidad upang maiwasan ang krimen**
 - Ang mga samahang pang residente ay nagbukas at namamahala sa pag bukas/patay kuryente upang ligtas kang makalakad kahit sa gabi.

- ◆ **Mga aktibidad upang mapabuti/mapaganda ang kapaligiran**
 - Nagsusumikap upang pagandahin ang kapaligiran sa pamamagitan ng paglilinis ng mga kalsada at parke sa lugar.

- ◆ **Pamamahala ng mga lugar na tapunan ng basura**
 - Hinihiling namin sa lungsod na lumikha ng isang lugar para sa pagtatapon ng basura.
 - Ang lugar na pagtatapon ng basura ay ginagamit ng lahat sa komunidad.
 - Ang bawat isa sa pamayanan ay naghahalinhinan sa paglilinis ng lugar ng tapunan ng basura.

- ◆ **Aktibidad sa Pagkolekta ng Basura ng Pinagkukunan**
 - Pagkolekta ng mga walang laman na lata, pahayagan, bote, atbp. mula sa mga lokal na bahay.
 - Sinisikap naming magamit muli ang mga limitadong yaman.

- ◆ **Mga aktibidad tulad ng mga asosasyon ng mga bata at mga asosasyon ng senior citizens**
 - Kami ay nagtataguyod at sumusuporta sa mga lokal na organisasyon (mga asosasyon ng mga bata, mga asosasyon ng senior citizen, atbp.)

- ◆ **Mga Gawain/aktibidad pangkultura**
 - Nagdaraos kami ng mga kaganapan na maaaring malayang makilahok ng sinuman upang ang mga tao sa komunidad ay magkasundo. (Sports Festival, Cultural Festival, Bon Odori, atbp.)

Sundin ang magandang asal

Ordinansa para matiyak ang komportable at magandang kapaligiran sa pamumuhay sa Hamamatsu City (ordinansa sa para sa magandang asal)

■ Paki-usap para sa lahat

Upang gawing mas maayos ang buhay para sa lahat, ipinagbabawal ng Hamamatsu City ang limang di maayos/di kaayayang pag-uugali..

Ito ay napagpasyahan ng mga patakaran ng Hamamatsu City.

Ang tamang pag-uugali ay hindi tungkol sa pagsunod sa sinasabi ng ibang tao.

Huwag kailanman gawin sa iba ang ayaw mong gawin nila sa.

■ Limang ipinagbabawal na pag-uugali na nakaka apekto sa iba sa ilalim ng Citizen's Manners Ordinance

◆ **Titis o upod ng sigarilyo, walang lamang lata (Itapon mo sa hindi dapat na tapunan nito)**

- Mangyaring dalhin ang mga basurang itinatapon mo sa lugar kung saan ginagamit ito ng lahat o kaya naman ay iuwi sa bahay o ilagay ito sa basurahan. Huwag magkalat.
- Gayundin, tumulong sa pag-lilinis sa iyong lugar upang hindi maging makalat at maging sanhi ng pagtatapon ng basura.



◆ **Naninigarilyo habang naglalakad**

- Para maiwasan ang paso, huwag manigarilyo habang naglalakad o nagbibisikleta.
- Mangyaring manigarilyo kung saan may ashtray.



◆ **Scribbling (pagsusulat ng mga titik o drawing sa mga lugar na hindi dapat magsulat)**

- Wag magsulat o mag drawing sa mga pampublikong lugar.
- Ang graffiti o scribble ay isang krimen, at hindi magada o di nakakakomportable sa mga taong nakakakita nito pati narin sa mga nakasulat nito.



◆ **Pag-iwan sa mga dumi ng alagang aso o pusa**

- Ang may-ari ng alagang aso o pusa ang dapat magligpit at maglinis ng dumi nito, wag nating hayaan o iwan iyon.
Kung habang naglalakad ay nag labas ng dumi ang alagang hayop wag itong ibaon doon pulutin at iuwi, itapon sa bahay.
- Sa mga nagmamay-ari ng pusa bigyan ito ng sariling tahanan sa loob ng bahay at wag hayan sa labas.



◆ **Hindi wastong paggamit ng paradahan ng sasakyan para sa may pisikal na kapansanan.**

- Kung gagamitin ang paradahan para sa may kapansanan, may napag-pasyahang wastong paggamit nito. Gamitin ito ng wasto.



◆ **Paradahan ng sasakyan para sa may kapansanan**

Ito ay paradahan na may sapat na luwag upang madaling makababa, o makasakay ang wheelchair na naka lugar sa malapit na lugar.

Para sa mga katanungan

Dibisyon ng Patakaran sa Pangkapaligiran ng Hamamatsu Environment Department Hamamatsu
Environment Department tel.053 – 453 – 6149

Para sa mga may-ari ng aso at pusa


Sa mga taong nag-aalaga ng aso at pusa may mga bagay na kailangang sundin.

- Alagaan hanggang sa huli.
Ang mga taong nag-aalaga ng aso at pusa ay dapat alagaan ito hanggang sa kamatayan nito. Ang buhay ng mga aso at pusa ay higit sa 10 taon. Kailangan din ng pera na gastos as pag-aalaga ng mga ito.
Pag-isipang mabuti bago mag-umpisang mag-alaga.
- Pagpaparehistro ng aso at bakuna laban sa rabies
 - Kung mag-aalaga ka ng aso, mangyaring ipa-rehistro ito sa Lungsod ng Hamamatsu.

Mga pasilidad kung saan maaaring magparehistro.

Mga pasilidad ng lungsod	Animal Welfare Education Center (053-487-1616) Health Center, Hamakita Branch (053-585-1398) Health Center, Health Administration Section (053-453-6111) East Administration Center (053-424-0164) West Administration Center (053-597-1117) South Administration Center (053-425-1382) North Administration Center (053-523-3120) Tenryu Ward Office, Town Development Promotion Section (053-922-0033) Haruno Branch (053-983-0001) Sakuma Branch (053-966-0002) Misakubo Branch (053-982-0002) Tatsuyama Branch (053-966-2113)
Ospital ng mga Hayop	Maaaring magparehistro sa ilang mga ospital ng mga hayop. Mangyaring itanong sa ospital ng mga hayop.

- Pabakunahan ang aso laban sa rabies isang beses bawat taon. Maaaring magpabakuna sa Ospital ng mga hayop.
- Pakidikit ang lisensya at ang tag ng bakuna na nakuha mo ng nagparehistro at nagpa bakuna sa kuwintas/tali sa leeg ng aso.



Welcome Pack bersyong Pilipino

- Itali ang aso gamit ang rid, at alagaan ang pusa ay sa loob ng bahay.
Pakitali ang iyong aso kapag ilalabas at naglalakad o kapag nasa bakuran
Dapat alagaan ang pusa sa loob ng bahay palagi.

- Huwag maging abala sa mga tao sa paligid.
Huwag maging abala sa ibang tao sa paligid ang ingay ng pag-ungol o amoy ng dumi
Paki-uwi ang dumi ng iyong aso kapag dumumi ito sa labas habang namamasyal.
Kung kinagat ng iyong aso ang ibang tao o aso, mangyaring tumawag sa Animal Welfare
Education Center (TEL: 053-487-1616).

- Kung nakatakas ang aso o pusa
Kung tumakas ang iyong aso o pusa, mangyaring tumawag sa Animal Welfare Education Center
(TEL: 053-487-1616).

Makipag-ugnayan Para sa mga katanungan tungkol sa aso at pusa

**Hamamatsu City Health and Welfare Department, Health Center, Animal
Welfare Education Center"**

TEL : 053-487-1616

Tamang pagtatapon ng mga basura

"Paki-hiwalay ang basura ayon sa uri. Mayroong takdang araw at lugar para maglabas ng basura. Mangyaring sundin ang mga patakaran sa paglalabas ng basura.

Kung may hindi alam magtanong sa interpreter.

Mangyaring tawagan ang Contact Garbage Reception Center. (TEL: 053-453-2288) Mayroon siyang mga interpreter para sa English, Portuguese, Spanish, Chinese, Korean, Thai at Vietnamese.

Paghiwalay-hiwalay ng basura

- Mangyaring tignan sa hiwalay na leaflet na kung " Paano Magtapon ng Basura at mga Recyclable". Mangyaring tingnan ang pahina sa Internet kung paano magtapon ng basura na galing sa bahay.

Canal Hamamatsu paghanp




Tamang Pagtapon ng Basura at Recyclable

Araw ng Pagtatapon ng Basura

- Depende sa uri ng basura, ang petsa ng pagtatapon ng basura ay nakatakda.
- Sa internet hanapin ang iyong hanapin ang iyong kalendaryo ng iyong address. Ilabas, itapon sa araw ng uri ng basurang ayon sa nakasulat sa kalendaryo.

① Tignan sa Internet, Piliin ang ward ng iyong address.



Kalendaryo naka nihongo

② Tingnan ang kalendaryo para sa iyong address.

(1) Hanapin ang address

(2) tingnan ang kalendaryo

姓名 (Name name)	カレンダー番号 (Calendar number)	POP# (住家数) (Japanese)	POP# (住家数) (Japanese)	POP#言語 (POP language)
住家数 (Address)	区	POP: 10000	(POP#)	POP: 英語



Kalendaryo naka Portuguese

Lugar na tapunan ng basura

- Kung saan ka nakatira, may nakatalagang lugar para itapon ang iyong mga basura.
